

Binago noong Agosto 30, 2021

Mahal naming Mga Administrador ng Paaralan sa Santa Clara County:

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang matulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas upang makabalik ang mga bata sa paaralan. Talagang pinapahalagahan namin ang lahat ng inyong mga pagsisikap na baguhin ang mga kapaligiran ng inyong paaralan at ang mga pang-araw-araw na gawain upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makaligtas ng mga buhay.

Pagbubukod mula sa Paaralan

Ayon sa patakaran ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ng Santa Clara County, ang mga taong nasuring positibo sa COVID-19 ay aatasan na manatili sa tahanan, tulad ng iniutos ng kasalukuyang patnubay sa pagbubukod, at **hindi dapat** personal na dumalo sa paaralan o trabaho.

Kung ang isang estudyante o tauhan, na hindi nakipagsalamuha nang malapitan sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19, ay mayroong mga sintomas tulad ng COVID na maaaring pangkaraniwan sa iba't ibang mga karamdaman, dapat ibukod ang taong iyon mula sa paaralan hanggang masuri.

Ang mga indibidwal na nasuring *positibo* sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng nakasulat na dokumentasyon ng kanilang positibong resulta ng pagsusuri ng laboratoryo at isang kopya ng sulat na ito upang ipahiwatig ang kanilang pangangailangan para sa pagbubukod mula sa personal na pagtuturo sa panahon ng kanilang pagbubukod.

Kung ang resulta ng pagsusuri ay *negatibo*, ang estudyante o miyembro ng kawani na may mga sintomas ay dapat manatili sa tahanan hanggang sa 24 na oras na ang lumipas mula nang gumaling ang anumang lagnat (nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakakabawas ng lagnat) at bumuti ang iba pang mga sintomas. Ang negatibong resulta ng pagsusuri ay dapat ibigay sa paaralan.

Ang mga taong nakilala bilang mga nakipagsalamuha nang malapitan sa isang kumpirmadong kaso sa panahon ng nakakahawang panahon ng kaso ay dapat sumunod sa partikular na patnubay sa pagkuwarantina na ibinigay ng paaralan, alinsunod sa [mga rekomendasyon sa pagkuwarantina ng CDPH para sa mga paaralan](#) at mga kinakailangan ng [Cal/OSHA](#) .

Hinihikayat kayo na magbigay ng access sa sick leave, pati na rin sa telework, distance learning, at iba pang mga akomodasyon, kapag nalaman na ang isang empleyado ng paaralan o estudyante ay inatasan na magpabukod o magkuwarantina, na hindi mangailangan ng indibidwal na dokumentasyon mula sa isang doktor o nars.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Paaralan

Ang isang indibidwal na nasuring positibo sa COVID-19 ay itinuturing na hindi na nakakahawa at maaaring bumalik sa paaralan kung:

- **hindi bababa sa 10 araw na ang nakaraan mula nang nagsimula ang kanilang mga sintomas,**
- **bumuti na ang kanilang mga sintomas,**
- **AT hindi bababa sa 24 na oras na ang lumipas mula sa kanilang huling lagnat, nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakakabawas ng lagnat.**

Kung ang indibidwal ay hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas at nasuring positibo sa COVID-19 na virus, maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan sa 10 araw pagkatapos nakolekta ang kanilang unang positibong pagsusuri.

Kung sila ay isang hindi pa nabakunahan, walang mga sintomas at nakasalamuha nang malapitan ng isang taong nasuring positibo sa COVID-19, maaari silang bumalik sa paaralan kapag ang planong pagkuwarantina, na binalangkas ng paaralan, ay nakumpleto. (Para sa karagdagang detalye, tingnan ang mga FAQ sa sccgov.org/schools.) Ang isang negatibong resulta, mula sa isang pagsusuri na kinuha sa/pagkatapos ng ika-5 Araw pagkatapos ng pagkakalantad, ay kailangang ibigay lamang sa paaralan kung ang nakipagsalamuha ay kwalipikado para sa binagong pagkuwarantina (nananatili sa kampus) o pinaikling pagkuwarantina (pagbalik pagkatapos ng 7 araw kumpara sa 10 araw).

Mga Indibidwal Na Ganap Na Nabakunahan

Kung ang isang indibidwal ay ganap na nabakunahan at nakipagsalamuha nang malapitan sa isang taong may COVID-19, HINDI sila kailangang magkuwarantina kung natutugunan nila ang LAHAT ng mga kondisyon na nakalista sa ibaba. (Kung hindi natutugunan ng isang indibidwal itong PAREHONG mga pamantayan, dapat silang sumunod sa naaangkop na patnubay sa pagkuwarantina na ibinigay ng paaralan.)

- Ganap na nabakunahan (2 linggo na ang lumipas pagkatapos ng huling dosis sa buong serye)
- Walang mga sintomas ng COVID-19 mula noong kasalukuyang pagkakalantad, (Kung ang isang indibidwal ay mayroong mga sintomas ng COVID-19, dapat silang magbukod at magpasuri kaagad.)

Mga Medikal na Sulat at Clearance

Parehong CDC at ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (PHD) **ay hindi naghihikayat sa mga employer at mga paaralan na mangailangan ng isang medikal na sulat para sa clearance upang bumalik sa trabaho o paaralan pagkatapos ang isang indibidwal ay nagkaroon ng COVID-19.** Ang mga sulat na ito ay lumilikha ng mga hindi kinakailangang paghihirap para sa mga empleyado at estudyante at maging sanhi ng paghihirap sa sistema ng healthcare upang gumawa ng mga sulat na ito. Ang mga empleyado at mga estudyante ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Bilang karagdagan, ayon sa parehong CDC at PHD, **hindi dapat hilingin ng mga employer at paaralan na ang mga indibidwal na nasuring may COVID-19 na virus na magbigay ng patunay ng mga negatibong pagsusuri sa COVID-19 na virus bago pahintulutan silang bumalik sa trabaho o paaralan.** Ang ganitong mga kahilingan para sa patunay ng mga negatibong pagsusuri sa COVID-19 na virus pagkatapos ng dyagnosis na may COVID-19 ay hindi kinakailangan, nag-aantala ng pagbabalik sa trabaho o paaralan, at maging sanhi ng hirap sa pagkakaroon ng pagsusuri para sa iba na kailangang magpasuri. Bilang

karagdagan, ang mga indibidwal ay maaaring magpatuloy na nasuring positibo ng hanggang sa 90 araw pagkatapos ng kanilang paunang impeksyon kaya ang isang pagsusuri pagkatapos mahawaan ay maaaring hindi magbunga ng isang negatibong resulta. Ang mga empleyado at estudyante ay itinuturing na hindi na nakakahawa at maaaring bumalik sa trabaho o paaralan kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Ang inyong empleyado o estudyante na nagkaroon ng, o nakasalamuha nang malapitan ng isang taong may COVID-19 ay maaaring mag-print ng sulat na ito upang: 1) ipahiwatig ang pangangailangan na magbukod o magkuwarantina (kapag isinama sa isang positibong resulta ng pagsusuri o pasalita o nakasulat na abiso ng pagkakalantad), 2) ipakita ang katunayan na maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (higit na idinetalye sa [sccgov.org/schools](https://www.sccgov.org/schools)). Ang sulat na ito ay matatagpuan sa <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Documents/COVID-19-Work-School-Letter.pdf>.

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang mapanatiling malusog ang ating komunidad.